


ACTIVITY

A. Kumpletuhin ang crossword puzzle.



Pahalang:

2. isang tapat at matulunging tagasunod o tagasuporta
5. isang seremonya na nagsasama ng isang lalaki at babae bilang mag-asawa
6. isang inuming gawa sa fermented juice mula sa ubas
7. isang walang kulay, malinaw, walang amoy na liquid na bumubuo sa ulan

Pababa:

1. isang pangyayaring hindi maipaliwanag ng mga batas ng kalikasan
3. sisidlan ng tubig na ginagamit para sa seremonyal na paghuhugas
4. edad nang nagsimula si Jesus sa kanyang ministeryo
5. ang mga kaugalian, ng isang partikular na bansa, tao, o iba pang pangkat ng lipunan

kultura

tubig

banga

kasalan

alagad

himala

alak

tatlumpu

B. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Sino ang nakapansin na naubos na ang alak?
 - a. Jesus
 - b. mga alagad
 - c. Maria
 - d. Tagapaglingkod
2. Ano ang unang ipinagagawa ni Jesus sa mga tagapaglingkod?
 - a. Punuin ng tubig ang mga banga
 - b. Ihain ang alak sa mga panauhin
 - c. Magdala ng tubig sa lalaking ikakasal
 - d. Ibuhos ang alak sa mga garapon
3. Ano ang kahalagahan ng himalang ito?
 - a. Ito ang unang pampublikong himala ni Jesus.
 - b. Isinagawa ito sa harap ng mga Pariseo.
 - c. Tinupad nito ang isang propesiya mula kay Isaias.
 - d. Ito ang huling himalang ginawa ni Jesus.
4. Ano ang naging reaksyon ng mga alagad ni Jesus pagkatapos ng himala?
 - a. Nag-alinlangan sila sa Kanya.
 - b. Naniwala sila sa Kanya.
 - c. Wala silang sinabihan tungkol dito.
 - d. Tinanong nila kung bakit Siya tumulong.
5. Ano ang inihayag ng himalang ito tungkol kay Jesus?
 - a. Ang kanyang kakayahang magturo nang may karunungan
 - b. Ang kanyang pagmamalasakit sa espirituwal na kalinisan
 - c. Kanyang banal na kapangyarihan at kaluwalhatian
 - d. Ang kanyang pagmamahal sa mga tradisyon

Ang mga tagapaglingkod na nakinig, nagtiwala at sumunod sa inutos ni Jesus na punuin ang mga banga ng tubig, bagamat parang walang patutunguhan ang Kanyang inutos. Kahit gaano kaliit o karaniwan ang ating ginagawa, sa pananampalataya kay Jesus, maaaring mangyari ang malalaking bagay na hindi inaasahan, kailangan lang nating maniwala at gawin ang ating bahagi, ang sumunod sa Kanyang salita.



C. Basahin ang kwento at sagutin ang mga tanong.

Si Sam, isang siyam na taong gulang na bata, ay lubos na mahal ang kanyang paaralan. Hindi ito marangya, pero parang isang pamilya ang lahat doon. Taon-taon, nagkakaroon sila ng "Linggo ng Pagbibigay," kung saan maaaring mag-donate ang mga estudyante ng pagkain, damit, o pera para sa mga pamilyang nangangailangan.

Pero ngayong taon, may napansin si Sam na kakaiba—halos walang laman ang malaking donation box sa gitna ng pasilyo kahit kalahati na ang Linggo ng Pagbibigay.

Hindi ito maunawaan ni Sam. Karaniwan, puno na ito ng mga donasyon sa panahong ito. Inisip niya ang mga pamilyang umaasa sa tulong na ito. "Kailangan kong gumawa ng paraan," sabi niya sa sarili.

Kinagabihan, nagdasal si Sam, humihiling kay Jesus na ipakita sa kanya kung ano ang dapat niyang gawin. Habang nagdarasal, naalala niya ang sinabi ng kanyang nanay: "Minsan, hinihiling sa atin ng Diyos na gawin ang mga bagay na hindi agad natin nauunawaan ang dahilan. Magtiwala ka lang at sumunod."

Kinabukasan, tinignan ni Sam ang kanyang koleksyon ng paboritong laruan—mga truck na pinag-ipunan niya nang matagal. Nagkaroon siya ng kakaibang ideya: paano kung i-donate niya ang mga ito para sa Linggo ng Pagbibigay? Hindi niya alam kung may magkakainteres dito, pero ang ideyang ito ay nanatili sa kanyang puso.

Nilagay ni Sam ang mga truck sa isang kahon at dinala ito sa paaralan. "Ano 'yang dala mo?" tanong ng kaibigang si Jake.

"I-dodonate ko," sagot ni Sam.

Tumawa si Jake. "Sino namang gusto ng mga lumang truck na 'yan?"

Ngumiti si Sam, "Hindi ko rin alam, pero alam ko gusto ni Jesus na gawin ko ito."

Inilagay niya ang kahon ng mga truck sa donasyon box. Nang hapong iyon, napansin ito ng kanilang guro na si Gng. Cruz. "Sino ang nag-donate nito?" tanong niya sa klase.

Itinaas ni Sam ang kamay. "Ako po."

Ngumiti si *Gng. Cruz*. "Sam, napakaganda ng ginawa mo. Kakatanggap ko lang ng tawag mula sa isang shelter. Nagtatanong sila kung mayroon tayong laruan para sa mga bata. Eksakto ang mga truck mo sa kailangan nila."

Kinabukasan, unti-unting napuno ang donation box. Inspirado sa ginawa ni Sam, nagdala ang iba pang mga estudyante ng mga gamit na akala nila'y wala nang halaga—mga lumang board games, libro, at damit na hindi na kasya. Ang simpleng halimbawa ni Sam ay nagbigay inspirasyon sa lahat.

Sa pagtatapos ng Linggo ng Pagbibigay, mas marami ang nakolektang donasyon kaysa dati. Ipinahayag pa ito ni *Gng. Cruz* sa kanilang pagtitipon. Ang pagsunod ni Sam sa kanyang mga natutuhan at nalalaman ay nagdala ng malaking pagbabago.

Mga tanong:

- Ano ang espesyal na kaganapan na nangyayari sa paaralan ni Sam?

- Ano ang ginawa ni Sam matapos mapansin na walang laman ang donation box?

- Paano ipinakita ni Sam ang pagsunod kay Jesus sa kuwento?

- Paano mo masusunod si Jesus tulad ni Sam?

Hindi lubos na naintindihan ni Sam kung bakit mahalaga ang pagdo-donate ng kanyang mga laruan noong una, pero pinili niyang sumunod sa alam niyang gustong ipagawa ni Jesus, ang magbigay sa mga nangangailangan. Ang kanyang simpleng pagsunod ay naging magandang halimbawa sa iba na magbigay din, na nagpakita kung paano makakagawa ng malaking pagbabago ang maliit na kilos ng pagsunod.

Ang pagsunod kay Jesus, kahit minsan hindi natin naiintindihan, ay maaaring magdala ng mga pagpapala at positibong pagbabago sa paligid natin. Ang tiwala at pagsunod ay makapangyarihan, kahit mula sa maliliit nating puso at kamay.



D. Memory Verse

Mamuhay kayo ayon sa salita ng Diyos. Kung ito'y pinapakinggan lamang ninyo ngunit hindi isinasagawa, dinadaya ninyo ang inyong sarili. **Santiago 1:22**

